

Pagkatapos ng Marahas na Krimen, Makakatulong ang CaIVCB sa Pagbayad Iyong mga Bill

TUMULONG KAMI SA MGA BIKTIMA NG:

- Pag-atake
- Pang-aabuso sa bata
- Karahasan sa tahanan
- Lasing na nagmamaneho
- Pang-aabuso sa matatanda
- Mga krimen na udyok ng pagkapoot
- Pagpatay
- Human trafficking
- Pagnanakaw
- Sekswal na pag-atake
- Stalking
- ... at iba pang krimen

MAKAKATULONG KAMI SA PAGBAYAD PARA SA:

- Pagpapayo
- Libing at burol
- Pagkawala ng kita
- Medikal at paggamot sa ngipin
- Relokasyon
- Seguridad sa tirahan
- ... at iba pang mga gastos



victims.ca.gov
P.O. Box 3036
Sacramento, CA 95812

*Bingi at mahina ang pandinig: Tawagan
ang California Relay Service sa 711

Paano makakatulong ang CaIVCB?

- Ang mga biktima na dumaranas ng pisikal na pinsala o emosyonal na pinsala dahil sa banta ng pisikal na pinsala ay maaaring maging kwalipikado para sa tulong.
- Tinutulungan ng CaIVCB ang mga biktima na magbayad para sa mga gastusin na may kaugnayan sa isang krimen na hindi saklaw ng anumang iba pang mapagkukunan.
- Kapag pinayagan ang isang aplikasyon, ang mga biktima ay karapat-dapat para sa tulong hanggang sa \$70,000. Maaaring malapat ang ilang limitasyon sa benepisyo.

Sino ang kwalipikado?

Makakatulong ang CaIVCB sa mga biktima at kanilang mga pamilya kapag nangyari ang krimen sa California, o kapag may nangyaring krimen sa isang residente ng California sa ibang estado o bansa. Ang pagkamamamayan ng Estados Unidos ay hindi kinakailangang mag-aplay.

Ang mga biktima ay maaaring magsumite ng aplikasyon sa loob ng pitong taon ng krimen, o pitong taon pagkatapos malaman o matuklasan ng biktima na may pinsala o pagkamatay na nangyari dahil sa krimen. Ang mga biktima na 21 taong gulang pababa ay may hanggang sa kanilang ika-28 kaarawan para mag-apply.

Paano ako mag-a-apply para sa kompensasyon?



MAG-APPLY ONLINE sa victims.ca.gov



Matutulungan ka ng isang **advocate ng biktima** na mag-apply. Pumunta sa victims.ca.gov/get-help help at pumasok sa iyong county.

